



Inuulat ng California School Dashboard (Dashboard) kung paano gumaganap ang mga distrito at paaralan sa maraming hakbang na pang-estado at lokal na bumubuo sa sistema sa pananagutan ng California. Ang mga resulta ay ginagamit para tukuyin ang mga kalakasan at kahinaan at matiyak na natutugunan ang pangangailangan ng lahat ng estudyante.

Noong mga nakaraang taon, inulat ng Dashboard ang mga antas ng pagganap gamit ang mga kulay: asul, berde, dilaw, orange, at pula. Ang asul ay kumakatawan sa pinakamataas na antas ng pagganap habang ang pula ay kumakatawan sa pinakamababang antas ng pagganap. Ang mga antas ng pagganap na ito ay tinutukoy sa paggamit ng dalawang taon ng datos ayon sa pagganap sa kasalukuyang taon at sa pagkakaiba mula sa naunang taon para ipakita ang pagtaas o pagbaba.



Dahil sa mga hinihingi sa ilalim ng Assembly Bill 130 (AB 130), maaari lamang ipakita ng California Department of Education (CDE) ang datos ng pinaka-kasalukuyang taon (kilala rin bilang Status) sa 2022 Dashboard. Samakatuwid, kumpara sa naunang mga Dashboard, hindi iuulat ang mga antas ng pagganap gamit ang mga kulay. Sa halip, iuulat ng 2022 Dashboard ang mga antas ng pagganap gamit ang isa sa limang antas ng Status (mula sa Napakataas, Mataas, Katamtaman, Mababa, at Napakababa) para sa lahat ng panukat* ng estado batay sa datos ng taon panuruan 2021–22.



Paunawa: Ang mga antas ng Status ay baligtad kapwa para sa Dalas ng Pag-absent at sa mga Indicator ng Bilang ng Pagsuspende kumpara sa iba pang mga panukat ng estado, at ang layunin ay para pababain ang dami ng mga estudyanteng nag-absent at nasuspende.

*Mga Panukat ng Estado:

- Dalas ng Pag-absent: kindergarten (K) hanggang grade eight
- Bilang ng Pagsuspende: K hanggang grade twelve
- Progreso ng Mag-aaral ng Ingles: grade one hanggang twelve
- Bilang ng Nagtatapos: high school lamang
- Kolehiyo/Propesyon: high school lamang**
- Akademiko: grade three hanggang eight at grade eleven
 - English language arts/literacy
 - Mathematics

**Paunawa: Ang Indicator ng Kolehiyo/Propesyon ay hindi iuulat sa 2022 Dashboard.